
# SI PAN-PAN KAWAYAN



Kuwento ni:
Joanah I. Reyes

Guhit ni:
Harvey M. Reyes





**PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:**

1. Nakapagpapadama ng malasakit sa kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng mga simpleng gawain: pagtulong at pag-aalaga o pagdadala ng anumang bagay na kailangan. **ESP3P-IIA-B-14**
2. Nailalarawan ang pagkakakilanlang kultural ng kinabibilangang rehiyon. **AP3PKR-IIIB-C-3**
3. Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto. **F3PN-LB-2**
4. Shows love for reading by listening attentively during story reading and making comments or reactions. **MT3A-III-I-4.2**



## Development Team


Kuwento ni: Joanah I. Reyes


Guhit at Lapat ni: Harvey M. Reyes

Learning Resource Manager:

Ruby M. Jimenez, PhD

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


**Pampanga**


SI
PAN-PAN
KAWAYAN



Maulang-umaga ang sumalubong sa magandang gising ni Dan-Dan Kawayan. Pasayaw-sayaw, habang tinatangay siya nang malakas na hangin. Tuwang-tuwa niyang pinagmasdan ang patak ng ulan. Dahil sa taas niya, halos kadikit na niya ang mga ulap. "Ang sarap talagang mabuhay kahit walang kasama," aniya.

Sa pamumuhay niya ngayon, panatag at kuntento na si Dan-Dan. Nalampasan niya ang ilang taon na wala siyang kasama. "Kaya ko pala!" sambit niya na puno ng determinasyon.

Ganito ang pagkasunud-sunod ng maghapon ni Dan-Dan



Pagkamulat pa lang ng kanyang mga mata sa umaga ay nakatitig na siya sa salamin at hangang-hanga sa sarili.

Pagkatapos nito ay pupunasan niya ang kanyang katawan hanggang ito'y kumintab. Ang susunod naman ay gugupitin ang mga tuyong dahon sa katawan niya. At ang pinakamahalaga sa lahat na araw-araw niyang ginagawa ay ang pag-awit. Ito ang naging libangan niya sa maghapon. "La, la, la, kay saya ng araw ko," awit niya.


Isang araw, habang mahimbing na natutulog si Dan-Dan Kawayan, ay bigla siyang nagising dahil sobrang sakit ng kanyang ngipin.



“Arayyy…” sigaw niya, nalilito siya at hindi alam ang gagawin.

Naglakad-lakad siya sa paniwalang makakalimutan niya ang sakit. Ngunit sa halip na gumaling ay lalo pang sumakit ito. Sandaling humiga si Dan-Dan upang magpahinga. Matapos nito ay marahan siyang tumayo at naalalang tumingin sa salamin. Laking gulat niya nang makita nito ang kanyang mukha.

Magang-maga ang kanyang kanang pisngi. “Huhuhu,” ang malakas niyang hagulgol. Umiyak nang umiyak ang kawawang si Dan-Dan.



Hindi nagtagal ay may nakarinig sa pagtangis niya. May narinig siyang maliit na boses, at tumawag sa pangalan niya "Dan-Dan..." sambit ng boses, ako ito si Kikay Pandakaki.

"Anong kailangan mo?" ang nagtatakang tanong ni Dan-Dan.

"Ha? Hindi ako ang may kailangan! Ikaw Dan-Dan ang may kailangan sa akin!" ang matalinong sagot ni Kikay.

"Ako? Matagal na akong namumuhay na mag-isa, hindi ko kailangan ang sinuman!" pagalit pang sagot nito kay Kikay.



“Sigurado ka Dan-Dan? Alam kong kailangan mo ng tulong ko,” dagdag pa ni Kikay. “Huwag kang mahiya sa akin.”

“Sige nga anong magagawa mo para maalis ang sakit ng ngipin ko?” pagtatanong ni Dan-Dan nang may pagdududa. “Madali lang yan! Alam mo ba na ang mga dahon ko ay gamot sa sakit ng ngipin?”

“Totoo ba ang sinasabi mo?” buong pagtataka niya sa sarili. “Aba siyempre naman,” sambit ni Kikay Pandakaki. Kumuha ng ilang dahon ng pandakaki itong si Kikay sa kanyang katawan at dali-dali niyang pinakuluan ang mga ito.



Habang kumukulo ang tubig na may dahon ng pandakaki, nilagyan ni Kikay ng konting asin at bahagyang pinalamig ito. "Halika na," ang yaya ni Kikay. Inalalayan niya sa paglakad si Dan-Dan at tinuruan ng tamang paraan ng pagmumumog.

Pagkatapos ay muli siyang nagpahinga. Makalipas ang ilang minuto biglang gumaan ang pakiramdam niya at unti-unti ng humupa ang maga sa kanyang kanang pisngi. "Aba! Magaling na ako!" tuwang-tuwang sambit niya sa kanyang sarili.



“Masarap pala sa pakiramdam ang may kasama sa buhay at hindi nag-iisa,” aniya.

Ito rin ang unang beses na may ibang nilalang na tumulong sa kanya. Kinagabihan, mahimbing na ulit ang tulog ni Dan-Dan Kawayan at wala na ang sakit na kanyang nararamdaman.

Kinabukasan, maagang bumisita sa kanya si Kikay. “Dan-Dan, halika at mamasyal tayo,” ang paanyaya ni Kikay. “Ipakikita ko sa iyo ang tunay na ganda ng gubat,” aniya.



Nagmadaling gumayak si Dan-Dan at iniyuko ang katawan upang makasabay kay Kikay sa paglakad. Namangha siya sa nakita. Iba't ibang uri ng mga puno, bulaklak at hayop.

Sa pangunguna ni Kikay, ipinakilala niya ito sa mga nilalang na nasa gubat. Lahat ay bumati sa kanya maliban lamang sa isang puno na si Manny Mangga.

Abala sa pagtatrabaho itong si Manny at wala siyang panahon sa pakikipagkuwentuhan. Madalas ay maghapon siyang kumakayod upang kumita ng salaping pangtustos sa kanyang pamilya.



Nagkasakit kasi ang anak niya. Dahil dito nabaon sila sa utang. Pagod, pawis at lakas ng katawan ang puhunan ni Manny upang kanyang magawa ang araw-araw niyang trabaho. Nasaksihang lahat ito ni Dan-Dan. Ngayon lang siya nakadama ng awa sa puso niya, gustung-gusto niyang makatulong.

"Hay buhay," napabuntong hininga siya at masusing nag-isip.

"Aha! alam ko na. Babahagian ko siya ng mga piraso ng katawan ko!" pasigaw niyang sambit. Dali-dali niya itong nilapitan.



“Manny, Manny, gusto ko sanang tulungan ka, maaari ba?” Ngunit hindi siya pinansin nito, patuloy pa rin siya sa pagtatrabaho. Nalungkot si Dan-Dan at umuwi na lamang.

Noong gabing iyon, hindi siya nakatulog at patuloy siyang nag-isip. Kinabukasan, pinuntahan niya ang kaibigang si Kikay Pandakaki.

“Maaari mo ba akong tulungan?” aniya. “Oo naman!” buong galak niyang sagot. “Halika at ipunin natin ang mga piraso ng katawan ko. Gumawa tayo ng mga bagay na kapaki-pakinabang.”



Nagtawag ng mga kasama ang dalawang magkaibigan sa gubat. Lumahok sina Gary Malunggay, Nancy Narra at Benny Buko. Bago sila gumawa ay nagsalita muna si Dan-Dan.

"Alam ninyo mga kaibigan, kahit ako ay patpatin lamang, kanais-nais na mga bagay ang magagawa gamit ang katawan ko."

"Una, ang ating pambansang sayaw na tinikling kung tawagin ay ginagamitan ng kawayan."

"Pangalawa, ang pangunahing materyales ng ating pambansang tirahan sa Pilipinas na bahay kubo ay kawayan."



“Pangatlo, ang ating mga sinaunang ninuno ay gumagamit din ng kawayan upang magsilbing kaldero nila na gamit sa pagsasaing ng kanin at lutuan ng ulam na rin.”

“Pang-apat, ang mga katutubong etniko ay gumamit naman ng kinayas na kawayan upang makapagparikit ng apoy na gagamitin sa pagluluto ng kanilang makakain sa araw-araw.”

“Panglima, ginagamit din ito sa paggawa ng mga instrumentong pangmusika, parol, sandata, basket, higaan, dekorasyon at mga palamuti sa bahay.” “Wow naman! nakakamangha ka Dan-Dan,” sambit ni Nancy Narra.



"Ngayon, ipinatawag ko kayo upang makatulong sa akin sa paggawa ng mga bagay na ito. Sapagkat hindi ko ito kakayanin ng mag-isa lamang. Kailangan ko ang tulong ninyong lahat," dagdag pa niya nang may buong pagsasamo sabay tanong sa mga kasama niya ng "Handa na ba kayo?"

"Handang-handa na kami!" sagot ng mga kaibigan niya. "Gagawin natin ito hindi para sa akin, kung hindi para kay Manny Mangga. Lubos niyang kailangan ang tulong nating lahat."



Noong araw din na iyon ay sinimulan nila ang paggawa. Lahat ay nagtulungan, magkakasamang gumawa at nagbayanihan.

Sa puso ni Dan-Dan ay namayani ang lubos na kagalakan. Naranasan na niya ang tulungan ng iba gaya ng ginawa sa kanya ni Kikay Pandakaki. Subalit ngayon, siya na mismo ang binigyan ng pagkakataon ng Diyos upang makatulong sa iba.

Sa loob ng isang Linggo ay natapos nilang lahat ang mga bagay na gawa sa kawayan.





Ibinenta nila ang mga ito at kumita ng sapat na salaping pangtustos sa pamilya ni Manny Mangga at pambayad utang na rin.

Kinagabihan, masayang namahinga ang magkakaibigan. May ngiti sa kanilang labi, sapagkat ang bukas ay may hatid na liwanag at pag-asa para sa kanilang bagong kaibigan na si Manny Mangga. At dumating na nga ang pinakaaasam nilang araw.

Sabay-sabay silang pumunta sa gubat upang makausap si Manny Mangga. Dinatnan nila itong pawisan at pagod na pagod. "Magandang umaga Manny," sabay-sabay nilang bati.



Nagulat siya at nagtanong, "Anong sadya ninyo sa akin?"

Walang sabi-sabi at marahang hinawakan ni Dan-Dan ang palad niya sabay-abot sa mga salapi.

"Ano ito?" ang wika niya. Sa pangunguna ni Dan-Dan sinabi niya na, "Nagbunga na ang mga kapaguran mo sa buhay aking kaibigan!"

"Heto at tanggapin mo ang iyong gantimpala." "Anong gantimpala?" ang labis na pagtataka nitong si Manny Mangga. "Oo kaibigan, ibigay mo ito sa iyong pamilya at gamitin sa tamang paraan."



"Regalo ito ng Maykapal dahil sa walang-sawa mong pagpupunyagi," sambit ng mga kaibigan niya.

Hindi na nakapagsalita si Manny. Napahagulgol na lamang ito sa sobrang galak niya at pagkagulat. "Maraming-maraming salamat mga kaibigan!" aniya. "Hindi salapi ang ipinagpapasalamat ko sa inyong lahat, kung hindi ang pagkakaroon ng mga bagong kaibigan na siguradong hindi ako iiwang nag-iisa," pagtangis niya.

Masayang-masaya ang lahat, nagyakapan sila ng mahigpit. Nagpahayag sila ng lubos na pagpapasalamat sa bawat isa.



Malinaw na sa kanilang lahat na may matatawag na silang tunay na mga kaibigan.

Bahagi na ng buhay ng tao ang mga pagsubok na dumarating. Ito ang magpapatibay at bubuo sa ating pagkatao. Ang mahalaga ay mayroon tayong gabay mula sa Diyos at sa ating kapwa.

Madaling mapagtatagumpayan ang anumang suliranin sa tulong ng ating mga kaibigan na may busilak na kalooban at walang hinihinging kapalit. Tunay nga ang sinasabi na, "walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang," ang masayang bulong ni Dan-Dan Kawayan sa kanyang sarili.





## TUNGKOL SA MAY-ADKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT


**JOANAH I. REYES:** Kasalukuyang nagtuturo sa
San Isidro Elementary School
San Isidro, San Luis, Pampanga
bilang Teacher III

**HARVEY M. REYES:** Kasalukuyang nagtuturo sa
Don Jesus Gonzales High School
Pandacaqui, Mexico, Pampanga,
bilang Teacher I

Hindi alam ni Dan-Dan Kawayan kung ano ang gagawin niya upang mawala ang pananakit ng kanyang ngipin hanggang makilala niya si Kikay Pandakaki. Sa tulong ni Kikay unti-unting naibsan ang pananakit na kanyang nararamdaman at sila ay naging magkaibigan.

Bukod kay Kikay Pandakaki, nagkaroon din ng iba pang mga kaibigan sa kagubatan si Dan-Dan Kawayan. Halina't basahin ang kuwento ni Dan-Dan Kawayan at kilalanin kung sinu-sino ang mga naging kaibigan niya.

